| | |
|---|---|
| **Mula kay:** | Alec Bash |
| **Para sa:** | REG - Task Force para sa Muling Pagdidistrito |
| **Paksa:** | Mga Komento ukol sa Draft o Borador na Pinal na Ulat ukol sa Muling Pagdidistrito |
| **Petsa:** | Lunes, Mayo 16, 2022 4:35:21 PM |

Ang mensaheng ito ay mula sa labas ng sistema ng email ng Lungsod. Huwag buksan ang mga link o kalakip na dokumento mula sa hindi pinagkakatiwalaang pinagmumulan ng email.

Pagbati,

Sa aking palagay, naglalaman ng mga katunayan ang draft o borador na ulat at mahusay ang pagkakasulat nito.

Gayon pa man, sa aking palagay, dapat ay nabanggit ang tungkol sa napakahalagang itinakda ng RTF na paglilipat ng mga populasyon mula sa Distrito 6, na nagdagdag ng 24,000 katao na ililipat sa ibang Distrito, at mula sa Distrito 10, na nagdagdag ng 7,000 katao na ililipat sa iba pang Distrito, at nang mapanatili sa loob ng kinakailangang 5% na pinakamalaki nang deviation o paglihis mula sa 79, 545 population mean (panggitang numero) para sa bawat Distrito.

Nagtagumpay ang Task Force sa pagsusumikap na ito, kung saan nagbago ang populasyon ng Distrito 6 mula sa +30.35% tungo sa -4.96% deviation mula sa mean at nagbago ang populasyon ng Distrito 10 mula sa +8.65% tungo sa +3.27% deviation. Bukod rito, nasa -8.3% deviation o higit pa ang mga Distrito 1, 3 at 4, at ngayon ay nasa saklaw nang mula sa -0.31% hanggang sa -4.80%..

Ang pagpapanatili sa mga populasyon sa itinatakdang +/-5% deviation ay nagdulot ng malaking kontrobersiya sa pamanahon ng pagguhit ng mga linya sa mga huling linggo. Sa pagtanaw sa hinaharap, walang duda na patuloy na magdudulot ang itinatakdang ito ng kontrobersiya sa kinabukasan, kahit na may sapat na espasyo para sa pag-unlad na iniwan ang RTF sa loob ng Distrito 6 na may -4.96% deviation.

Isinasaad ng draft na ulat na: *"Dahil sa kapaki-pakinabang na karanasan nito, inirerekomenda ng Task Force na sa pagbuong muli ng Task Force, kailangang magtakda ang may kaugnayang pangkat o ahensiya ng Lungsod ng mas malinaw na mga inaasahan para sa pag-abot sa nakararami na mas higit na nakaayon sa mga pangangailangan ng proseso ng muling pagdidistrito."* Kailangang makagawa ng mas mahusay na trabaho ang mga pagsusumikap para sa pag-abot sa mas nakararami sa publiko sa hinaharap.

Isinaad rin ng draft na ulat na: *"... kailangang magtatag ang Lungsod ng pansamantalang departamento o dibisyon upang masuportahan ang Task Force at ang mga pangangailangan nito. Mangangailangan ang gayong departamento o dibisyon ng may bayad na pinuno ng mga kawani, nakatuon na administratibong suporta, tagpag-ugnay sa media at eksperto sa Sunshine Ordinance (Ordinansang Nagtitiyak na Bukas ang mga Pampublikong Rekord at Miting)."* Ang lider ng gayong pansamantalang departamento ay dapat magkaroon ng responsibilidad sa pagtitiyak na makatatanggap ang itinatakdang population deviation ng nararapat na paggalang sa pag-abot sa mas nakararami sa publiko at sa mga pampublikong pulong ng RTF.

Bilang pangwakas, pinapalakpakan ko ang komento sa draft na ulat ukol sa "...rasista, mapanghusga, malisyoso, at iba pang personal na atake at banta..." na naobserbahan ko sa mga pagdinig ukol sa pagguhit ng mga linya. Sa daan-daang pampublikong pagdinig na nadaluhan ko, kapwa bilang tagapaglingkod sa serbisyo publiko at mamamayan, hindi pa ako nakakita ng katulad ng kinailangang pagtiisan ng mga miyembro ng task force para sa muling paagdidistrito habang isinasagawa ang kanilang tungkulin sa ngalan ng ating Lungsod.

Sumasainyo,
Alec Bash
155 Jackson St
San Francisco, CA 94111

**Mula kay:** T Flandrich
**Para sa:** REG - Task Force para sa Muling Pagdidistrito
**Paksa:** Mga Komento ukol sa Pinal na Ulat
**Petsa:** Miyerkules, Mayo 18, 2022 3:11:15 PM
**Mga Kalakip:** SF Redistricting Final Report (Pinal na Ulat ukol sa Muling Pagdidistrito) 2022 Chasel Lee Comments.docx

---

Ang mensaheng ito ay mula sa labas ng sistema ng email ng Lungsod. Huwag buksan ang mga link o kalakip na dokumento mula sa hindi pinagkakatiwalaang pinagmumulan ng email.

5/17/2022

**SF Redistricting Final Report (Pinal na Ulat ukol sa Muling Pagdidistrito) 2022 Chasel Lee -awtor**

Sumusulat ako bulang 42 taong gulang na residente ng North Beach, boluntaryo sa pag-aadbokasiya sa komunidad, at residente na dumalo nang remote (sa internet) sa lahat ng pulong ng SF Task Force.

Ano ang layunin ng pinal na ulat na ito? Ito ba ay para ilarawan ang aktuwal na proseso mula sa simula hanggang sa pagtatapos sa pinal na mapa? O para magpayo/gumawa ng mga rekomendasyon para sa task force sa hinaharap? Alin man sa dalawa, mukhang may mahahalagang bahagi na wala sa ulat na ito.

Ang mga sumusunod ang sarili kong mga komento ukol dito:
<!--[if !supportLists]-->• <!--[endif]-->Malinaw na suhestiyon ang pagsisimula nang mas maaga upang aktuwal na matrabaho ang mga mapa dahil sinimulan ng 2012 Task Force ang trabaho na ito noong Enero, na hindi bababa sa 8 linggo na mas maaga kaysa sa 2022 Task Force

<!--[if !supportLists]-->• <!--[endif]-->Pinakamahalaga rito, kailangang malinaw na ipaliwanag ng Task Force ang pamantayang ginamit nito sa pagbabago ng mga linya ng disrito; hindi nagbabago-bago at malinaw na pamantayan sa bawat sesyon

<!--[if !supportLists]-->• <!--[endif]-->Pagmamapa: ipaliwanag ang dahilan ng mga pagbabago para higit na maging bukas sa pagsisiyasat - hindi ito nagawa, na sa aking paniniwala ay nakadagdag sa pagkalito, kawalan ng tiwala sa proseso, at sa mga miyembro

<!--[if !supportLists]-->• <!--[endif]-->Iulat sa publiko ang may pinakabagong impormasyon na buod ng mga komento ng publiko - kung baga, liham, email, tawag sa telepono na natanggap – Nang ipinahayag ng miyembro na nakatanggap ng 1100 email at ipinahayag naman ng miyembro ng publiko na nagpadala siya ng 1100 email mula sa mga Negosyong sumusuporta upang “magawang buo ang Russian Hill,” ang naging tanong ko ay kung ilan talaga ang residente, 1 Tao 1 Boto, at kung ano ang timbang na ibinigay sa hindi residente/mga negosyo. Natatandaan ko ang pulong kung saan ang ulat pabalik ay tungkol talaga sa pinag-uusapan; gayon pa man, isinaad din ng ilang miyembro na hindi nila naaalala ang mga numero.

<!--[if !supportLists]-->• <!--[endif]-->Kami, ang publiko, ang nakakaalam kung ilan ang ipinatawag o nasa kuwarto, habang inaanunsiyo ito ng clerk. Naririnig din namin ang marami na isinaad ang kanilang identidad at ang kanilang tahanang distrito, pero hindi ibinahagi ang komentaryo mula sa labas

Kung hindi ninyo isinasama ang kompletong larawan kung ano talaga ang naging proseso, paano kayo susulong nang may mga suhestiyon para sa hinaharap? Kung hindi isasama ng ulat na ito ang konteksto ng pagdinig ng Elections Commission (Komisyon ng mga Eleksyon) na idinaos noong Abril 8, 2022, paano magkakaroon ng pagkaunawa ang susunod na Task Force sa maaari nilang gawin upang maiwasan ang parehong mga kondisyon na nagpabilis sa kakaibang hakbang ng Elections Commission para sa pag-iiskedyul ng pagdinig, ang tanging pangkat na makapagbibigay ng pangangasiwa, ang lugar kung saan matutugunan ang malaking bilang ng nasasakupan na may tanong tungkol sa proseso ng Task Force, na humahantong na sa lumalaking kawalan ng tiwala sa pangkat na ito.

Ang mga komento ng ilang miyembro ng task force ay nag-iwan sa akin ng mga tanong kung paano aktuwal na ginagawa ang mga desisyon:

<!--[if !supportLists]-->• <!--[endif]-->Ang pahayag ni Vice-Chair (Pangalawang Pangulo) Reiner na hindi pa siya nakakakita ng ganito karaming organisasyong nagsasama-sama, 19, na sumusuporta sa paglilipat sa kabuuan ng Russian Hill tungo sa distrito, na “napakagrasyoso nila” at “Gusto kong ibigay sa kanila ang gusto nila,” ay salungat na salungat sa maraming linggo ko nang naririnig, hindi lamang mula sa mga residente ng TL at

ng SOMA, kundi mula rin sa 74 pangkat na nag-aadbokasiya at humihiling na panatilihing magkasama ang TL/SOMA at para sa mga dahilan na lubusang nakaayon sa Voting Act (Batas ukol sa Pagboto) at sa mga gabay ukol sa muling pagdidistrito. Paano natin ito gagawan ng interpretasyon? Paano ito nabibigyang-katwiran?

<!--[if !supportLists]-->• <!--[endif]-->At oo, walang nagawa ang mga artikulo sa diyaryo na sumipi sa sinabi ng Chair (Tagapangulo) ukol sa mga impluwensiya ng tagalabas na nanggipit sa paggawa ng ilang desisyon, upang mabawasan ang lumalaking kawalan ng tiwala sa proseso

<!--[if !supportLists]-->• <!--[endif]-->Isa lamang itong malinaw na halimbawa, at naniniwala akong marami sa komento ng publiko ang nagpahayag din ng tungkol sa ganitong pagkalito kung paano aktuwal na nararating ang mga desisyon. Kaya nga't nang gumawa ng mga desisyon sa kalagitnaan ng gabi o nang magkaroon ng pagpapalit ng boto sa mapa, matapos ang magkasabay na recess o pahinga "para ilipat ang mga kotse," lumaki ang pakiramdam ng pagkabigo at kawalan ng tiwala sa proseso ng muling pagdidistrito

<!--[if !supportLists]-->• <!--[endif]--> Kailangang irekord ng inyong report, sa minimum, na minadali/ gumanap ng papel ang lahat ng nasa itaas sa aksiyon sa pagdinig ng Election Commission. Pasasalamatan at igagalang ang pagpapakita na aktuwal na umaako ang TF ng responsibilidad

Tunay na nagharap ng mga hamon ang COVID-19 na pandemya, pero walang bahagi saan man sa ulat na nagmungkahi na nagkulang ang mga miyembro ng TF sa pagpapatupad ng malinaw at hindi nagbabagong pamantayan sa paglikha ng bagong mga linya ng distrito -- nagsagawa ng mga operasyon sa kung anumang pangkat na hindi nakikita/hindi isinasaad, at hindi ito kailanman nilinaw sa publiko - kulang sa pagbibigay-katwiran para sa mga pagbabago sa mapa, bukod sa paggamit ng mga numero upang madaliang makatapos bago ang huling araw ng pagsusumite. Tunay akong umaasa na isasama ninyo ang mga komentong ito habang binubuo ninyo ang pinal na ulat. Makikinabang mula sa inyong katapatan ang inyong mga nasaksihan/ ang mga nagsilahok sa maraming buwan ng prosesong ito, pati na rin ang Task Force sa hinaharap.

Nagpapasalamat talaga ako sa inyong maraming buwan ng serbisyo publiko!

Sumasainyo,

Theresa Flandrich

*Nakalakip ang Dokumentong nasa Word; parehong liham

**SF Redistricting Final Report (Pinal na Ulat ukol sa Muling Pagdidistrito) 2022 Chasel Lee -awtor**

Sumusulat ako bulang 42 taong gulang na residente ng North Beach, boluntaryo sa pag-aadbokasiya sa komunidad, at residente na dumalo nang remote (sa internet) sa lahat ng pulong ng SF Task Force.

Ano ang layunin ng pinal na ulat na ito? Ito ba ay para ilarawan ang aktuwal na proseso mula sa simula hanggang sa pagtatapos sa pinal na mapa? O para magpayo/gumawa ng mga rekomendasyon para sa task force sa hinaharap? Alin man sa dalawa, mukhang may mahahalagang bahagi na wala sa ulat na ito.

Ang mga sumusunod ang sarili kong mga komento ukol dito:

- Malinaw na suhestiyon ang pagsisimula nang mas maaga upang aktuwal na matrabaho ang mga mapa dahil sinimulan ng 2012 Task Force ang trabaho na ito noong Enero, na hindi bababa sa 8 linggo na mas maaga kaysa sa 2022 Task Force
- Pinakamahalaga rito, kailangang malinaw na ipaliwanag ng Task Force ang pamantayang ginamit nito sa pagbabago ng mga linya ng disrito; hindi nagbabago-bago at malinaw na pamantayan sa bawat sesyon
- Pagmamapa: ipaliwanag ang dahilan ng mga pagbabago para higit na maging bukas sa pagsisiyasat - hindi ito nagawa, na sa aking paniniwala ay nakadagdag sa pagkalito, kawalan ng tiwala sa proseso, at sa mga miyembro
- Iulat sa publiko ang may pinakabagong impormasyon na buod ng mga komento ng publiko - kung baga, liham, email, tawag sa telepono na natanggap – Nang ipinahayag ng miyembro na nakatanggap ng 1100 email at ipinahayag naman ng miyembro ng publiko na nagpadala siya ng 1100 email mula sa mga Negosyong sumusuporta upang “magawang buo ang Russian Hill,” ang naging tanong ko ay kung ilan talaga ang residente, 1 Tao 1 Boto, at kung ano ang timbang na ibinigay sa hindi residente/mga negosyo. Natatandaan ko ang pulong kung saan ang ulat pabalik ay tungkol talaga sa pinag-uusapan; gayon pa man, isinaad din ng ilang miyembro na hindi nila naaalala ang mga numero.
- Kami, ang publiko, ang nakakaalam kung ilan ang ipinatawag o nasa kuwarto, habang inaanunsiyo ito ng clerk. Naririnig din namin ang marami na isinaad ang kanilang identidad at ang kanilang tahanang distrito, pero hindi ibinahagi ang komentaryo mula sa labas

Kung hindi ninyo isinasama ang kompletong larawan kung ano talaga ang naging proseso, paano kayo susulong nang may mga suhestiyon para sa hinaharap? Kung hindi isasama ng ulat na ito ang konteksto ng pagdinig ng Elections Commission (Komisyon ng mga Eleksyon) na idinaos noong Abril 8, 2022, paano magkakaroon ng pagkaunawa ang susunod na Task Force sa maaari nilang gawin upang maiwasan ang parehong mga kondisyon na nagpabilis sa kakaibang hakbang ng Elections Commission para sa pag-iiskedyul ng pagdinig, ang tanging pangkat na makapagbibigay ng pangangasiwa, ang lugar kung saan matutugunan ang malaking bilang ng nasasakupan na may tanong tungkol sa proseso ng Task Force, na humahantong na sa lumalaking kawalan ng tiwala sa pangkat na ito.

Ang mga komento ng ilang miyembro ng task force ay nag-iwan sa akin ng mga tanong kung paano aktuwal na ginagawa ang mga desisyon:

- Ang  pahayag ni Vice-Chair (Pangalawang Pangulo) Reiner na hindi pa siya nakakakita ng ganito karaming organisasyong nagsasama-sama, 19, na sumusuporta sa paglilipat sa kabuuan ng Russian Hill tungo sa distrito, na “napakagrasyoso nila” at “Gusto kong ibigay sa kanila ang gusto nila,” ay salungat na salungat sa maraming linggo ko nang naririnig, hindi lamang mula sa mga residente ng TL at ng SOMA, kundi mula rin sa 74 pangkat na nag-aadbokasiya at humihiling na panatilihing magkasama ang TL/SOMA at para sa mga dahilan na lubusang nakaayon sa Voting Act (Batas ukol sa Pagboto) at sa mga gabay ukol sa muling pagdidistrito. Paano natin ito gagawan ng interpretasyon? Paano ito nabibigyang-katwiran?
- At oo, walang nagawa ang mga artikulo sa diyaryo na sumipi sa sinabi ng Chair (Tagapangulo) ukol sa mga impluwensiya ng tagalabas na nanggipit sa paggawa ng ilang desisyon, upang mabawasan ang lumalaking kawalan ng tiwala sa proseso
- Isa lamang itong malinaw na halimbawa, at naniniwala akong marami sa komento ng publiko ang nagpahayag din ng tungkol sa ganitong pagkalito kung paano aktuwal na nararating ang mga desisyon. Kaya nga’t nang gumawa ng mga desisyon sa kalagitnaan ng gabi o nang magkaroon ng pagpapalit ng boto sa mapa, matapos ang magkasabay na recess o pahinga “para ilipat ang mga kotse,” lumaki ang pakiramdam ng pagkabigo at kawalan ng tiwala sa proseso ng muling pagdidistrito
- Kailangang irekord ng inyong report, sa minimum, na minadali/ gumanap ng papel ang lahat ng nasa itaas sa aksiyon sa pagdinig ng Election Commission. Pasasalamatan at igagalang ang pagpapakita na aktuwal na umaako ang TF ng responsibilidad

Tunay na nagharap ng mga hamon ang COVID-19 na pandemya, pero walang bahagi saan man sa ulat na nagmungkahi na nagkulang ang mga miyembro ng TF sa pagpapatupad ng malinaw at hindi nagbabagong pamantayan sa paglikha ng bagong mga linya ng distrito -- nagsagawa ng mga operasyon sa kung anumang pangkat na hindi nakikita/hindi isinasaad, at hindi ito kailanman nilinaw sa publiko - kulang sa pagbibigay-katwiran para sa mga pagbabago sa mapa, bukod sa paggamit ng mga numero upang madaliang makatapos bago ang huling araw ng pagsusumite. Tunay akong umaasa na isasama ninyo ang mga komentong ito habang binubuo ninyo ang pinal na ulat. Makikinabang mula sa inyong katapatan ang inyong mga nasaksihan/ ang mga nagsilahok sa maraming buwan ng prosesong ito, pati na rin ang Task Force sa hinaharap.

Nagpapasalamat talaga ako sa inyong maraming buwan ng serbisyo publiko!

Sumasainyo,

Theresa Flandrich

**Mula kay:** Robert Frank
**Para sa:** REG - Task Force para sa Muling Pagdidistrito
**Paksa:** Mga komento sa Pinal na Ulat ukol sa Mapa
**Petsa:** Linggo, Mayo 15, 2022 1:26:04 PM

Ang mensaheng ito ay mula sa labas ng sistema ng email ng Lungsod. Huwag buksan ang mga link o kalakip na dokumento mula sa hindi pinagkakatiwalaang pinagmumulan ng email.

SA PAMAMAGITAN NG EMAIL sa rdtf@sfgov.org
San Francisco Redistricting Task Force
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 244
San Francisco, CA 94102

Gentlepersons (Mga Ginang, Binibini, at Ginoo):

Binabati ko kayo sa inyong trabaho sa muling pagdidistrito sa mga superbisoryal na distrito.

Magbibigay ako ng komento sa draft na pinal na ulat na kasama ng mapa.

Walang paliwanag kung bakit binabalangkas ng ulat ang "mga pagbabago" sa mapa mula 2010.

Kung ang 2010 na mapa ay nagkaroon ng kasamang ulat na naglalarawan sa communities of interest (tinututukang mga komunidad) na natukoy noong 2011, posibleng may katwiran ito, pero walang itinatakdang pangangailangan na magsimula kayo sa lumang mapa, at walang pagbanggit sa ulat ukol sa mga komunidad na natukoy sa 2010 na muling pagdidistrito.

Sa kabilang banda, hindi isinasailalim sa pagsisiyasat ng hukuman ang lumang mapa, sa abot ng aking kaalaman.

Naiintindihan ko kung bakit hindi inaprubahan ang mapa ng mga itinalaga ng mga superbisor; hindi nila naiintindihan na walang pagpapalagay na panatilihin ang dating mga hangganan kapag napagpasyahan na hindi na mapananatili ang lumang mga hangganan.

Bukod rito, walang paliwanag ukol sa espesipikong pagkalusaw ng boto ng minorya o inaalala ukol sa integridad ng komunidad na naging dahilan kung bakit kailangang ibahin ang populasyon ng distrito mula sa 1% deviation o paglihis. Mas maliit ang halaga ng iisang boto sa distrito na may mas malaking populasyon. Hindi ito "isang tao, isang boto."

--
Robert Frank

| | |
|---|---|
| **Mula kay:** | Joyce Nakamura |
| **Para sa:** | REG - Task Force para sa Muling Pagdidistrito |
| **Paksa:** | PINAL NA MUNGKAHI UKOL SA MULING PAGDIDISTRITO |
| **Petsa:** | Miyerkules, Biyernes, Mayo 13, 2022 10:29:59 PM |

Ang mensaheng ito ay mula sa labas ng sistema ng email ng Lungsod. Huwag buksan ang mga link o kalakip na dokumento mula sa hindi pinagkakatiwalaang pinagmumulan ng email.

Sa puntong ito, nagawa na ang nagawa. Ang RTF ang gumagawa ng kanilang desisyon ukol sa muling pagdidistrito.

Ang kinakailangan ay ang ginagawa na ng mga tao – kung paano bubuin ang mga task force na ito sa hinaharap, at iba pa.

Ang pinakatinututulan ko ay ang pagkakabit sa Tenderloin sa Distrito 5. Iyan ang desisyon, wala na tayong magagawa tungkol riyan. Kailangang tanggapin ng Task Force ang anumang kahihinatnan.

Ang pinanghihinayangan ko lamang ay hindi naging bukas sa pagsisiyasat ang Task Force sa kanilang desisyon, kung baga, bakit bumoto ang mga miyembro ng Task Force upang isama ang Tenderloin sa Distrito 5? At bakit ninyo tinutulan ang pagkakahati ng trandgender cultural district (pangkulturang distrito) at ang pagkakahiwalay ng Tenderloin mula sa SOMA kung saan mayroon itong makasaysayang koneksiyon?

Ipinadala mula sa Mail para sa Windows

| | |
|---|---|
| **Mula kay:** | Will Jarrett |
| **Para sa:** | REG - Task Force para sa Muling Pagdidistrito |
| **Paksa:** | Indi-indibidwal na pahayag ng task force |
| **Petsa:** | Huwebes, Mayo 12, 2022 3:44:20 PM |

Ang mensaheng ito ay mula sa labas ng sistema ng email ng Lungsod. Huwag buksan ang mga link o kalakip na dokumento mula sa hindi pinagkakatiwalaang pinagmumulan ng email.

Kumusta Task Force para sa Muling Pagdidistrito.

Sana ay nasa mabuti kayong kalagayan.

Binasa ko nang may interes ang draft o borador na pinal na ulat ngayong hapon. Alam ba ninyo kung kailan malalathala ang appendices o karagdagang mga bahagi? Partikular akong interesado na mabasa ang mga pahayag mula sa indibidwal na mga miyembro ng task force.

Kung may pagkakataong makarinig mula sa inyo ngayong araw na ito, ipagpapasalamat ko ito. Maraming salamat para sa inyong panahon.

Hangad ko ang pinakamabuti para sa inyo,
Will

| | |
|---|---|
| **Mula kay:** | Alison Goh |
| **Para sa:** | REG - Task Force para sa Muling Pagdidistrito |
| **CC (May kopya):** | Julia Marks; alozano@commoncause.org; Breed, Mayor London (MYR); Board of Supervisors, (BOS); Calvillo, Angela (BOS); Arntz, John (REG); Cityattorney; Commission, Elections (REG); Pelham, Leeann (ETH); Ethics Commission, (ETH); Engagement, Civic (ADM); SOTF, (BOS) |
| **Paksa:** | Mga Rekomendasyon para Maisama sa pinal na ulat ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito |
| **Petsa:** | Huwebes, Biyernes, Mayo 06, 2022 11:51:49 AM |
| **Mga Kalakip:** | 2022 05 06 - Letter of Recommendations - for redistricting final report from ALC CACC LWVSF.pdf |

Ang mensaheng ito ay mula sa labas ng sistema ng email ng Lungsod. Huwag buksan ang mga link o kalakip na dokumento mula sa hindi pinagkakatiwalaang pinagmumulan ng email.

Mahal na mga Miyembro ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito,

Sumusulat ang Asian Americans Advancing Justice (Mga Asyano Amerikong Nagsusulong sa Katarungan) - Asian Law Caucus (Pulong ng mga Asyano ukol sa Batas, ALC), ang California Common Cause (Magkaparehong Layon sa Califonia, CACC), at ang League of Women Voters of San Francisco ((Liga ng Botanteng Kababaihan ng San Francisco, LWVSF) upang ibahagi ang ilan sa maraming oportunidad at nang mapahusay pa ang lokal na proseso sa muling pagdidistrito sa San Francisco.

Kalakip nito ang liham na may mga rekomendasyon namin batay sa mga natutunang leksiyon sa pinakahuling proseso ng ating lungsod at ang pinakamahuhusay na gawain na matagumpay nang nagamit sa ibang hurisdiksiyon.

Magalang naming hinihiling na isama ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito ang mga rekomendasyong ito sa pinal na ulat nito upang mapakinabangan ng mga pangkat para sa muling pagdidistrito sa hinaharap at ng mga mamamayan ng San Francisco.

Salamat po sa inyong atensiyon sa usaping ito, sa pagdinig ninyo sa aming mga inaalala at sa oportunidad na makapagbigay ng mga rekomendasyon, at sa gayon ay mapanatili ang integridad ng ating demokrasya at matiyak na aktibong makalalahok ang mga taga-San Francisco.

Maaari kaming maugnayan ng mga miyembro ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito na ito at ng mga pangkat para sa muling pagdidistrito sa hinaharap, mga opisyal at opisina ng lungsod, at iba pa na gustong talakayin ang aming mga rekomendasyon.

Sumasainyo,

Alison Goh

Alison Goh
Presidente
president@lwvsf.org
*pronouns (mga panghalip): she/her*

**League of Women Voters of San Francisco**
582 Market Street, Suite 615, San Francisco, CA 94104
415-989-8683 ▪ Facebook ▪ Twitter
***Empowering voters. Defending democracy.*** Learn more at **lwvsf.org**.

Mayo 6, 2022

SA PAMAMAGITAN NG EMAIL sa rdtf@sfgov.org

San Francisco Redistricting Task Force
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 244
San Francisco, CA 94102

**TUNGKOL SA: Mga Rekomendasyon para maisama sa pinal na ulat ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito**

Mahal na mga Miyembro ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito,

Sumusulat ang Asian Americans Advancing Justice - Asian Law Caucus (ALC), ang California Common Cause (CACC), ant ang League of Women Voters of San Francisco (LWVSF) upang ibahagi ang ilan sa maraming oportunidad upang mapahusay pa ang lokal na proseso sa muling pagdidistrito sa San Francisco. Nakabatay ang aming mga rekomendasyon hindi lamang sa mga natutunang leksiyon sa pinakahuling proseso ng ating lungsod, kundi sinasalamin din nito ang pinakamahuhusay na gawain na matagumpay nang nagamit sa ibang hurisdiksiyon. Magalang naming hinihiling na isama ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito ang mga rekomendasyong ito sa pinal na ulat upang mapakinabangan ng mga pangkat para sa muling pagdidistrito sa hinaharap at ng mga mamamayan ng San Francisco.

Mahigpit naming hinihikayat ang Lungsod at County ng San Francisco na gawin ang lahat ng pagsusumikap upang mapaghusay ang lahat ng bahagi ng proseso ng muling pagdidistrito, kasama na kung paano ito binubuo, ang haba ng proseso, ang pamantayan at iskedyul ng mga gawain o timeline ng pagmamapa, ang partisipasyon na equitable, o kung saan may katarungan sa pagkakapantay-pantay, badyet, pagiging madali ng pagkuha ng impormasyon, suporta ng mga kawani at konsultant, pag-abot at pagpapalahok sa mas nakakarami sa publiko, at pagtatago at pag-uulat ng mga rekord.

Ipinagkakaloob ng ALC, CACC at LWVSF ang mga rekomendasyong ito upang matulungan ang mga pangkat para sa muling pagdidistrito sa hinaharap na makapagsagawa ng patas, may katarungan sa pagkakapantay-pantay, bukas sa pagsisiyasat, at madaling malahukan na proseso ng lokal na muling pagdidistrito. Ginawa ang marami sa mga rekomendasyong ito sa mga liham na isinumite ng aming mga organisasyon sa Task Force sa panaho ng proseso nito o sa mga liham sa iba pang pangkat o ahensiya ng lungsod bago nabuo ang

Task Force. Pinaka-unang mga rekomendasyon ito, at inaasahan ng ALC, CACC, AT NG LWVSF na magkaloob pa ng karagdagang pinakamahuhusay na gawain at rekomendasyon sa hinaharap.

**Ang aming mga rekomendasyon:**

1. **Maglaan ng sapat na panahon para sa patas, may katarungan sa pagkakapantay-pantay, bukas sa pagsisyasat, at nalalahukan ng lahat na proseso para sa muling pagdidistrito.** Kailangang isagawa ang proseso para sa lokal na muling pagdidistrito ng San Francisco sa loob ng mas lubhang mahabang panahon kaysa sa mayroon ito sa siklong ito. Isinagawa ang unang pulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco nang humigit-kumulang sa pitong buwan bago ang deadline o huling araw ng pagsusumite ng mapa. Kaiba rito, nagsimula nang higit na maaga ang halos kapareho ang laki na ibang mga lungsod sa Bay Area, kung kaya't nagkaroon sila ng higit na mas mahabang panahon upang makompleto ang kanilang mga proseso sa muling pagdidistrito kaysa sa panahong inilaan sa San Francisco. Isinagawa ng Redistricting Commission (Komisyon sa Muling Pagdidistrito) ng Oakland ang unang pulong nito nang mahigit sa 14 buwan bago ang huling araw ng pagsusumite ng mapa.[1] Nagsimulang magpulong ang Redistricting Advisory Commission (Tagapayong Komisyon para sa Muling Pagdidistrito) ng San Jose nang 11 buwan bago ang huling araw ng pagsusumite ng mapa nito.[2] Magkakaloob ang mas maagang pagsisimula ng proseso ng muling pagdidistrito sa San Francisco ng kinakailangang panahon para sa lahat ng hakbang sa proseso, kasama na ang mga aplikasyon at pagpili ng mga miyembro, pagsasanay, pag-abot sa mas nakararami at edukasyon sa komunidad, opinyon at tugon ng publiko, at pagmamapa. Batay sa pinakamahuhusay na gawain mula sa iba pang hurisdiksiyon na nasubaybayan namin, inirerekomenda namin na mabuo ang pangkat para sa muling pagdidistrto ng San Francisco nang hindi bababa sa 12 buwan bago ang huling araw ng pagsusumite ng pinal na mapa.

2. **Lumikha ng nalalahukan ng lahat at may katarungan sa pagkakapantay-pantay na proseso ng aplikasyon sa pangkat para sa muling pagdidistrito, at nang masuportahan ang pagtatalagay ang may pagkakaiba-iba, o diversity, at nagsasama sa lahat na kasapian.** Kailangang pagkalooban ang lahat ng residente ng San Francisco ng magkakaparehong oportunidad na makapag-apply upang maglingkod, at sa gayon, masalamin ng kasapian ng pangkat para sa muling pagdidistrito ang pagkakaiba-iba, o diversity, ng komundiad ng San Francisco Dahil dito, kailangang nakukuha online at pisikal ring nakukuha ang impormasyon ukol sa iskedyul ng aplikasyon sa pangkat para sa muling pagididistrito, ang proseso ng pagpili, ang aplikasyon mismo at ang lahat ng kaugnay na dokumento at forms. Kailangang sundin ng lahat ng tagapagtalagang pangkat ang magkakapareho at hindi nagbabagong pinakamahuhusay na gawain na nauukol sa pagiging bukas sa pagsisiyasat, pagbibigay ng opinyon ng publiko, pagkakaroon ng mga pamamaraan sa paglahok, at pag-abot sa nakararami. Kailangang maglaan ng naangkop na mga rekursong administratibo, pinansiyal, at para sa pag-about sa nakararami sa komunidad, at nang maitaguyod ang oportunidad para sa pag-aapply sa lahat ng taga-San Francisco. Kailangang magbigay ng atensiyon sa

---

[1] Isinagawa ang unang pulong ng he Independiyenteng Redistricting Commission ng Oakland noong Oktubre 14, 2020 na may huling araw ng pagsusumite na Disyembre 31, 2021. Redistricting Commission ng Lungsod ng Oakland, Nakaraang mga Pulong, oaklandca.gov/boards-commissions/redistricting-commission/meetings o sa Internet Archive Wayback Machine na nasa web.archive.org/web/20220504223245/https://www.oaklandca.gov/boards-commissions/redistricting-co mmission/meetings.

[2] Isinagawa ang unang pulong ng Redistricting Advisory Commission ng San Jose noong Pebrero 22, 2021 na may huling araw ng pagsusumite na Enero 11, 2022. Tingnan ang Redistricting Advisory Commission ng Lungsod ng San Jose, 2020 Ulat ng Redistricting Commission at mga Rekomendasyon, Nobyembre 18, 2021, sanjoseca.gov/home/showpublisheddocument/79870/637729314509500000 o s aInternet Archive Wayback Machine na nasa web.archive.org/web/20220504223346/https://www.sanjoseca.gov/home/showpublisheddocument/7987 0/637729314509500000.

pag-abot sa mas nakakarami na nasa iba't ibang communities of interest (tinututukang komunidad) ng lungsod ukol sa oportunidad para sa aplikasyon, at sa pag-abot sa mga taga-San Francisco na mula sa iba't ibang lahi, etnisidad, kultura, wika, edad, kasarian, seksuwal na oryentasyon, katayuang sosyo-ekonomiko, katayuan ng pagiging mamamayan, at iba pang factor o salik. Para sa prosesong ito ng muling pagdidistrito, tumanggap ang Elections Commision (Komisyon ng mga Eleksiyon) ng 33 aplikasyon at tumanggap naman ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng walo. Nananatiling hindi alam ng publiko kung ilang aplikasyon ang natanggap ng Mayor. Kung ihahambing dito, nakatanggap ang county ng Los Angeles ng 741 aplikasyon para sa komisyon nito sa muling pagdidistrito at nagkaroon ang komisyon para sa muling pagdidistrito ng lungsod ng San Diego ng mahigit sa 100 aplikasyon.[3] Kailangang magsagawa ng lalo pang pagsusumikap ang lahat ng tagapagtalagang pangkat upang maitaguyod ang pagkakaroon ng mga oportunidad sa aplikasyon.

3. **Magtakda ng minimum o pinakamababa nang pinahihintulutan na kawaniwang kuwalipikasyon para sa lahat ng miyembro ng pangkat sa muling pagdidistrito.** Inirerekomenda namin ang mga kuwalipikasyon kung saan kasama ang kuwalipikasyon ukol sa paninirahan o residency, pati na rin ang mga limitasyon sa politikal na magkatunggaling interes, tulad ng mga restriksiyon sa kamakailan lamang ay tumakbo para sa inihahalal na lokal na katungkulan, o pagkakaroon ng kontribusyon, sa loob ng minimum na takdang panahon bago ang aplikasyon, ng tiyak na dolyar na halaga sa kandidato para sa lokal na katungkulang inihahalal. Kailangang isagawa ang ganitong mga pagsisiwalat sa yugto ng aplkasyon.[4] Kailangan ding makapagpakita ang mga miyembro ng pangkat para sa muling pagdidistrito ng kaalaman at pagkilala sa iba't ibang demograpiya, komunidad, at heyograpiya ng San Francisco, pati na rin ng mataas na pamantayan ng personal na integridad, sibikong pakikilahok, at kahandaang makinig sa malawak na opinyon ng komunidad. Kailangang panatilihin ang mga ito at ang iba pang kuwalipikasyon sa kabuuan ng pagseserbisyo.

4. **Suportahan ang katarungan sa pagkakapantay-pantay sa pangkat para sa muling pagdidistrito sa pamamagitan ng pag-aalok ng makatarungang stipend o bayad sa mga miyembro.** Ang kawalan ng pinansiyal na bayad, ay madalas nang malaking hadlang sa may katarungan sa pagkakapantay-pantay na partisipasyon sa boluntaryong mga komisyon at iba pang pangkat. Espesyal nitong napipigilan ang mabababa ang kita at/o kabataan sa pag-aapply na maglingkod dahil sa nakahahadlang na matataas na gastos sa pagbibiyahe at pagliban sa trabaho, o kakulangan ng nababago-bagong iskedyul sa pagtatrabaho. Kailangang magkaloob ang lungsod sa mga miyembro ng hindi kataasan pero makabuluhang bayad upang mahikayat ang mas inklusibo at kumakatawan sa lahat na kasapian sa pangkat para sa muling pagdidistrito. Bukod rito, kailangang sagutin ng lungsod ang anumang makatwirang gastos na direktang gugugulin ng mga miyembro nang dahil sa kanilang partisipasyon sa mga pulong, tulad ng pagkain, pagpaparada, at transportasyon.

---

[3] Citizens Redistricting Commission (Komisyon ng mga Mamamayan para sa Muling Pagdidistrito) ng County ng Los Angeles, *Commissioner Selection Process* (*Proseso ng Pagpili ng mga Komisyoner)*, Marso 25, 2021. redistricting.lacounty.gov/wp-content/uploads/2021/03/CRC-Selection-Process-210127-FINAL-rev-2.pdf at sa Internet Archive Wayback Machine na nasa web.archive.org/web/20220504201234/https://redistricting.lacounty.gov/wp-content/uploads/2021/03/C RC-Selection-Process-210127-FINAL-rev-2.pdf; Independent Redistricting Commission ng County ng San Diego, *Meet the Commissioners (Kilalanin ang mga Komisyoner)*, sandiego.gov/redistricting-commission/commissioners at sa Internet Archive Wayback Machine na nasa web.archive.org/web/20220504203859/https://www.sandiego.gov/redistricting-commission/commissioners.

[4] Kailangang hindi nagbabago-bago ang mga itinatakda sa pagsisiwalat ng pinansiya at dapat ipatupad ito nang may katarungan sa pagkakapantay-pantay sa lahat ng aplikante. Sa prosesong ito, kinailangang magsumite ng mga aplikante sa Board of Supervisors ng Statement of Economic Interest (Pahayag ukol sa Ekonomikong Interes), na kilala rin bilang Form 700, kasama ng kanilang aplikasyon, samantalang kinailangan namang magsumite ng mga itinalaga ng Mayor at ng Election Commission ng Form 700 matapos maitalaga.

Kailangang regular na ibayad ang mga stipend at nagastos sa panahon ng pagseserbisyo, at hindi hawakan hanggang sa dulo. Naghandog ang California Citizens Redistricting Commission (Komisyon ng mga Mamamayan para sa Muling Pagdidistrito ng California, CCRC) sa mga miyembro ng hindi kalakihan na arawang bayad at pagsasauli ng nagastos para sa trabaho sa muling pagdidistrito ng estado,at maaari itong maging kapaki-pakinabang na modelo para sa San Francisco.[5] Mahirap, nakapapagod, at mahalagang gawain ang pagseserbisyo sa pangkat para sa muling pagdidistrito at dapat itong magkaroon ng bayad.

5. **Magtakda ng bukas sa pagsisiyasat na badyet na sumasakop sa lahat ng aspeto ng proseso ng muling pagdidistrito.** Hindi inilabas sa publiko, sa anumang panahon, ang kabuuang badyet para sa proseso ng muling pagdidistrito, at mukhang umasa na lamang ang Task Force sa mga departamento at ahensiya ng lungsod sa paglalaan ng pondo tungo sa mga pangangailangan ng Task Force, nang batay lamang sa espesipikong pangangailangan. Kailangang lumikha ng badyet na sapat na natutugunan ang lahat ng kinakailangang gastos sa proseso ng muling pagdidistrito, kung saan nasa badyet na ang oportunidad para sa pagbibigay-opinyon ng publiko. Kailangang mabuo ang badyet batay sa aktuwal na gastusin ng nakaraang proseso ng muling pagdidistrito, kung saan may dagdag na pondo upang matugunan ang mga natukoy na pagkukulang sa pinal na ulat ng Task Force. Kailangang magkaloob ng karagdagang pondo upang makakuha ng mga datos at pagsusuri, na maaaring makatulong sa pangkat para sa muling pagdidistrito, magbigay ng makatarungang bayad at pagsasauli ng nagastos sa mga miyembro, at mapakinabangan ang mga bagong kasangkapan at pamamaraan na ginagamit para sa pagmamapa, pakikipagkomunikasyon, at pagpapalahok sa komunidad, na tiyak na uusbong sa mga taon na nasa pagitan ng mga proseso ng muling pagdidistrito. Kailangan ding kasama sa badyet ang sapat na pondo para sa mga tagasalin ng wika at konsultant sa pagmamapa, pag-abot sa mas nakararami sa komunidad, pakikipagkomunikasyon, at pagkolekta at pagsusuri sa pagbibigay-opinyon ng publiko sa pangkat para sa muling pagdidistrito. Inirerekomenda rin namin na magkaloob ang lungsod ng hindi kataasang grant (tulong pinansiyal) at bayad sa walang kinikilingan at nakabase sa komunidad na mga organisasyon, tulad ng mga nagtatrabaho sa pag-abot sa nakararami sa Pagsesenso, at nang makatulong sila sa pagbibigay ng edukasyon sa komunidad at sa pag-abot sa nakararami para sa lokal na muling pagdidistrito.

6. **Magkaloob ng sapat na mga rekurso para sa masiglang suporta sa wika.** Kailangang naaangkop na pondohan ng lungsod ang itinatakda ng batas na mga serbisyo para sa interpretasyon at pagsasalin. Nagpapasalamat kami para sa mga pagpapahusay sa higit na paggamit sa wika na nagawa sa pagsulong ng 2021-2022 prosseso ng muling pagdidistrito, pero sa hinaharap, kailangan nang tiyakin ng lungsod na may makukuhang mga rekurso para sa suporta sa wika sa pagsisimula pa lamang ng proseso. Itinatakda ng batas ang pagsasama sa lahat sa pamamagitan ng wika, kapwa sa ilalim ng Batas na FAIR MAPS at ng San Francisco Language Access Ordinance (Ordinansa ukol sa Pagkakaloob ng Impormasyon at Suporta sa Sariling Wika).[6] Kasama sa mga itinatakdang ito ang pagkakaloob ng pagsasalin sa mga pulong kapag hiniling, pagsasalin ng buong pulong bukod pa sa pumapasok na mga komento ng publiko, at pati na rin ang mga nakasulat na salin ng mahahalagang impormasyon. Kailangang isalin ng pangkat para sa muling pagdidistrito ang mga materyales nito para sa pag-abot sa mas nakararami at mag-advertise kung saan marami ang makakakita na may makukuhang mga serbisyo para sa suporta sa sariling wika.

---

[5] Para sa 2021-2022 proseso ng muling pagdidistrito, nakatanggap ang mga miyembro ng CCRC ng $300 para sa bawat araw na kalahok sila sa mga gawain ng komisyon, at kuwalipikado silang makatanggap ng pagsasauli ng gastos. Cal. Gov. Code (Kodigo ng Gobyerno ng California) § 8253.5.

[6] Cal. Elec. Code (Kodigo sa Eleksiyon ng California) § 21628(b), (g); San Francisco Ordinance (Ordinansa ng San Francisco) 27-15.

7. **Maglathala ng detalyado at espesipikong iskedyul ng mga gawain, kasama na ang mahahalagang panandang-bato at mga huling araw ng pagsusumite sa paraang napapanahon, pampubliko, at madaling nakikita o napag-aalaman.** Kailangang magtakda ng pampublikong iskedyul ng mga gawain na may espesipikong mga panandang-bato at huling araw ng pagsusumite para sa muling pagdidistrito, sa mas maagang panahon sa proseso ng muling pagdidistrito. Ang gayong iskedyul ng mga gawain ay higit pa sa pagtugon sa iskedyul—nagtatakda ito ng mga pamantayan para sa pangkat para sa muling pagdidistrito at inaalerta ang publiko kung kailan at paano makakalahok ang mga mamamayan sa proseso. Sa minimum, kailangang kasama sa iskedyul ng mga gawain ang: 1) mga petsa para sa masiglang iskedyul ng pagsasanay para mismo sa pangkat para sa muling pagdidistrito, 2) mga pagtitipon upang mabigyan ng edukasyon ang publiko ukol sa muling pagdidistrito, 3) mga petsa para sa mga pagdinig ukol sa communities of interest, 4) ang petsa ng paglalabas ng unang draft o borador na mapa, at 5) mahahalagang petsa sa panahon ng pagbabago ng mapa at proseso ng pagpipinal nito. Kailangang nakikita at nakukuha ang iskedyul ng mga gawain na ito sa website ng pangkat para sa muling pagdidistrito, at sa iba pang lugar, kasama na ang paghaharap nito sa publiko sa bawat pulong, at pagpapaskil sa mga lugar na makikita ito ng mga mamamayan na kulang na maaasahang paraan sa paggamit ng internet.

8. **Magpatupad ng kurikulum sa pagsasanay.** Sa pamamagitan ng hindi pagtanggap ng anumang sapat na pagsasanay, madalas na hindi nakukuha ng Task Force ang kontekstong kailangan nito upang makagawa ng mahahalagang desisyon sa hindi nagbabago-bago, malinaw, at bukas sa pagsisiyasat na paraan. May mga pagkakataon sa panahon ng prosesong ito ng muling pagdidistrito kung saan nagmukhang hindi taglay ng lahat ng miyembro ang kinakailangang pagkaunawa sa mga responsibilidad ng Task Force at mga kinakailangan sa pagmamapa sa ilalim ng lokal, pang-estado, at pederal na mga batas. Hindi nakita, o huli na sa proseso nang maipatupad, ang pinakamahuhusay na gawain upang malubos ang pagpapalahok sa publiko at ang paglikha ng patas, nagagamit ng lahat, inklusibo at bukas sa pagsisiyasat na proseso ng muling pagdidistrito. Inuulit namin ang aming mga rekomendasyon na rekomendasyon din ng iba pang organisasyon at mula sa magkasamang liham[7] noong Setyembre 16, 2021 sa Task Force, kung saan nakasaad na dapat magplano at tumanggap ang mga miyembro ng komprehensibong pangkat ng mga pagsasanay. Sa minimum, kailangang masakop ng mga pagsasanay na ito ang Brown Act (Batas na ipinasa ni Gobernador Brown, na nagtatakda na gawing pampubliko ang pulong ng mga pampublikong ahensiya), ang Sunshine Ordinance (Ordinansang Nagtitiyak na Bukas ang mga Pampublikong Rekord at Miting) at ang pagpapanatili ng mga rekord, ang mga patakaran ukol sa pagkakaroon ng prinsipyo sa paggampan ng gawain sa gobyerno, ang Voting Rights Act (Batas ukol sa mga Karapatan sa Pagboto), ang datos mula sa Pagsesenso, at ang mga pamantayan sa muling pagdidistrito, kasama na ang communities of interest at makabuluhang mga seksiyon ng Elections Code (Kodigo para sa Eleksyon) ng California. Kasama sa iba pang kapaki-pakinabang na paksa sa pagsasanay ang heograpiya at kasaysayan ng San Francisco, software at mga kagamitan sa muling pagdidistrito, pag-abot at pagpapalahok sa mas nakakarami sa publiko, pakikipagkomunikasyon, pakikipagrelasyon sa media, pamamaraan sa paggamit sa sariling wika, pamamaraan para sa paglahok ng may kapansanan, mga lahi at ang katarungan sa pagkakapantay-pantay, at pagpapalahok sa mga komunidad na may kasaysayan ng pagkakabukod, hindi lubusang pagkakaroon ng mga serbisyo, at hindi lubos na nakakatawan. Bukod rito, maaaring makatulong din ang pagtanggap ng pagsasanay mula sa mga indibidwal na dati nang nakapaglingkod sa mga komisyon o task force para sa muling pagdidistrito. Nagkaroon ang iba pang pangkat para sa muling pagdidistrito ng California ng

---

[7] Magkasamang liham ukol sa mga rekomendasyon sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco na mula sa American Indian Cultural District (Amerikanong Indian na Pangkulturang Distrito), Asian Americans Advancing Justice - Asian Law Caucus, League of Women Voters of San Francisco, San Francisco Rising, SEIU Lokal 1021, at Southeast Asian Community Center (Timog Silangang Asya na Sentrong Pangkomunidad), Setyembre 6, 2021, drive.google.com/file/d/1taBDc8OHRfAdqbnU1fZfeXXJD-Wh3JNz/ at sa Internet Archive Wayback Machine na nasa web.archive.org/web/20220504221547/https://img1.wsimg.com/blobby/go/59053b06-508e-4a73-9320-f497b0c97d53/downloads/2021%2009%2016%20-%20Letter%20of%20recommendations%20for%20San.pdf.

komprehensibong kurikulum sa pagsasanay, kasama na ang mga komisyon sa San Diego County at sa Lungsod ng Long Beach, pati na rin ang CCRC.[8]

9. **Maglaan ng sapat na panahon para sa masiglang talakayan ng iba't ibang baryasyon ng mapa, at maging mas mahusay sa pagpapalahok sa publiko sa pamamagitan ng paglikha at pagpapaskil ng draft o borador na mapa nang mas maaga.** Kailangang makagawa ng borador na mapa ang pangkat para sa muling pagdidistrito nang maaga pa sa proseso nito. Ibinahagi ng Task Force ang pinakaunang biswalisasyon ng mapa sa pulong nito noong Marso 14, 2022, kung saan isang buwan na lamang ang natitira bago ang huling araw ng pagsusumite nito. Nagpapasalamat kami na nagsagawa ang Task Force ng maraming pagdinig na nakatuon sa communities of interest, pero hindi nag-iwan ang Task Force ng sapat na panahon upang lubusang masiyasat ang mga opsiyon sa pagmamapa. Maraming pakinabang ang pagsisimula ng paggawa ng borador na mapa nang mas maaga sa proseso. Karaniwan nang dumarami ang pakikilahok ng publiko matapos maipaskil ang mga borador na mapa, at magkakaroon ng mas mahabang panahon kapwa ang pangkat para sa muling pagdidistrito at ang mga miyembro ng publiko, upang magkaroon ng malikhaing mga solusyon at masiyasat ang malawak na hanay ng mga posibilidad para sa mapa. Sa mga lungsod na tulad ng San Francisco, kung saan maraming dapat balanseheng communities of interest, hahantong sa mas magagandang kinahihinatnan ang pagkakaroon ng higit na panahon sa paghahanap ng mga solusyon. Naitala nang binigyan ng iba pang pangkat para sa muling pagdidistrito ang kanilang sarili ng higit pa sa doble ng panahon para sa paggawa ng mga rebisyon sa kanilang mga mapa.[9]

10. **Pahintulutan ang pangkat para sa muling pagdidistrito na magkaroon ng awtoridad sa pag-eempleyo at pamamahala sa mga konsultant, vendors o nagkakaloob ng serbisyo, at kontratista.** Kailangang magkaroon ng kakayanan ang pangkat para sa muling pagdidistrito na mabigyang-hugis ang saklaw ng trabaho ng mga konsultant, magtakda ng mga pamantayan sa pagganap, at makipagnegosasyon sa mga pagbabago sa saklaw kung kinakailangan. Kailangang ilathala ng pangkat para sa muling pagdidistrito ang anumang Request for Information (Kahilingan para sa Impormasyon, RFI) o Request for Proposal (Kahilingan para sa mga Panukala, RFP), at pahintulutan ang anumang komento ng publiko ukol sa mga ito, ang paggawa ng ebalwasyon at desisyon ukol sa pag-eempleyo, at ang kaugnay na mga dokumento na nauukol sa mga konsultant, vendor, o kontratista na sumusuporta sa pangkat para sa muling pagdidistrito.

11. **Magtakda ng nakaranggong mga pamantayan sa pagmamapa.** Sa panahon ng proseso ng muling pagdidistrito na ito, nagkaroon ng malaking pagkalito sa publiko at sa mga miyembro ng Task Force kung ano ang pamantayan ng bibigyan ng prayoridad kapag nagmamapa. Inirerekomenda namin na gumamit ang pangkat para sa muling pagdidistrito ng malinaw at nakaranggong pamantayan upang mapadaloy ang paggawa ng mga desisyon at matiyak na hinuhubog ang mga mapa ng naaangkop na mga konsiderasyon. Gumagamit ang FAIR MAPS Act, ang proseso sa muling pagdidistrito ng estado at maraming

---

[8] Long Beach Redistricting Commission, Iskedyul ng Pagsasanay longbeach.gov/globalassets/redistricting/media-library/documents/reports/draft-training-plan at sa Internet Archive Wayback Machine at web.archive.org/web/20220504204415/https://www.longbeach.gov/globalassets/redistricting/media-libra ry/documents/reports/draft-training-plan; County of San Diego Independent Redistricting Commission, Tuloy-tuloy na Pagsasanay sandiegocounty.gov/content/sdc/redistricting/redistricting-training.html at nasa Internet Archive Wayback Machine na nasa web.archive.org/web/20220504204529/https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/redistricting/redistr icting-training.html; California Citizens Redistricting Commission, Commissioner Education Panels (Mga Panel para sa Edukasyon ng mga Komisyoner) wedrawthelinesca.org/commissioner education panels at sa Internet Archive Wayback Machine at web.archive.org/web/20220504204638/https://www.wedrawthelinesca.org/commissioner_education_panels.

[9] Ipinaskil ng komisyon ng Oakland ang unang borador na mapa nito nang mahigit sa dalawa at kalahating buwan bago ang huling araw ng pagsusumite nito. Ipinaskil ng komisyon ng San Jose ang unang borador na mapa nito nang tatlong buwan bagong ang huling araw ng pagsusumite ng lungsod.

lokal na hurisdiksiyon na may itinatakda ang sariling tsarter ng detalyado at nakaranggong pamantayan.[10] Palaging itinatakda ang pagsunod sa Konstitusyon ng Estados Unidos, Konstitusyon ng California, at ang pederal na Voting Rights Act. Matapos ito, ang paggalang sa communities of interest at mga magkakalapit-lugar o neighborhood na ang susunod na pamantayan na pinakamataas ang ranggo. Kailangang mas mababa ang ranggo ng iba pang isinasaalang-alang tulad ng compactness (malalapit sa isa't isa ang mga nakatira), at ang pagsunod sa natural o artipisyal na mga hangganan. Bukod sa pagtatakda ng nakaranggong mga pamantayan, kailangan ding talakayin ng mga miyembro ang kanilang pamamaraan sa pagdo-drowing ng mga linya, kung saan kasama na kung paano nila babalansehin ang nagtutunggaling communities of interest at titimbangin ang mga komento ng publiko.

12. Gawan ng dokumentasyon ang mga dahilan para sa mga desisyon ukol sa pagmamamapa, sa bawat biswalisasyon at sa borador ng mapa. Kailangang maintindihan ng publiko ang proseso ng pag-iisip na humantong sa pag-drowing ng pangkat para sa muling pagdidistrito ng mga linya ng distiro sa ilang tiyak na paraan. Sa bawat inilabas na borador na mapa, kailangang ilarawan ng pangkat para sa muling pagdidistrito ang ginawang desisyon, ipaliwanag kung paano nito inilapat ang nakaranggong pamantayan, at tukuyin kung ano-anong communities of interest ang naapektuhan. Kailangang nagawan ng dokumentasyon at nakukuha ng lahat ang impormasyong ito, at nang maunawaan ang proseso ng mga miyembro ng publio na hindi makadalo sa mga pulong. Kailangang nakukuha rin ng publiko ang impormasyong ito bago ang kasunod na pulong para sa pagmamapa, at nang makapagbigay ang mga mamamayan ng pampublikong mga komento na mas may impormasyon.

13. **Magsagawa muli ng harap-harapang pag-abot sa nakararami at mga pagdinig sa loob ng mga distrito, pero panatilihing opsiyon ang remote, o sa pamamagitan ng internet na partisipasyon.** Lubhang naapektuhan ang siklong ito ng muling pagdidistrito ng pandemyang COVID-10, na malinaw na nahadlangan ang mga pagsusumikap na mapalahok ang komunidad sa kabuuan ng San Francisco. Maliban na lamang kung magkakaroon ng mga emergency sa pampublikong kalusugan, kailangang magsagawa muli ang pangkat para sa muling pagdidistrito ng harap-harapang mga aktibidad para sa harap-harapang pag-abot sa nakararami at mga pagdinig sa loob ng mga distrit. Kailangang isagawa ang mga pulong nang harap-harapan at nasa pamilyar at napupuntahang mga espasyo ng komunidad na umiikot sa pagitan ng mga distrito. Gayon pa man, kailangang patuloy na pahintulutan ng pangkat para sa muling pagdidistrito ang partisipasyong remote, sa pamamagitan ng telepono at ng internet.

---

[10] *Tingnan ang* Cal. Elections Code § 21621(c) (na nagtatakda ng nakaranggong mga pamantayan para sa muling pagdidistrito sa mga charter city, o lungsod na may sariling dokumento sa pagkakatatag) ("Pagtitibayin ng konseho ang mga hangganan ng distrito gamit ang sumusunod na mga pamantayan ayon sa pagkakatakda sa sumusunod na pagbibigay ng prayoridad: (1) Hanggang sa maisasagawa ito, kailangang heyograpikal na magkatabi ang council districts (pangkonsehong distrito)…(2) Hanggang sa maisasagawa ito, kailangang igalang ang heyograpikong integridad ng anumang lokal na magkakalapit-bahay o lokal na community of interest, sa paraan na higit na pinakakaunti ang pagkakahati nito. Ang 'community of interest (tinututukang komunidad)' ay populasyon na magkakapareho ang panlipunan o pang-ekonomikong interes at dapat isama sa iisang distrito para sa mga layunin ng pagkakaroon ng epektibo at makatarungang representasyon. Hindi kasama sa depinisyon ng communities of interest ang anumang pagsaalang-alang sa relasyon sa mga politikal na partido, nanunungkulan, o politikal na kandidato. (3) Kailangang madaling matukoy at maintindihan ng mga residente ang mga hangganan ng mga council district. Hanggang sa makakayanan kailangang ang hangganan ng council district ay ang natural at artipisyal na hadlang, ang mga kalye, o ang mga hangganan ng lungsod. (4) Hanggang sa makakayanan, at kapag hindi sumasalungat sa nauna nang pamantayan sa subdibisyon na ito, kailangang maiguhit ang mga council district upang mahikayat ang heyograpikong compactness, sa paraan kung saan hindi lalaktawan ang kalapit na mga lugar ng populasyon upang mapaboran ang mas malalayong populasyon."); Cal. Elections Code § 21500 (nakaranggong mga pamantayan para sa muling pagdidistrito sa mga county). *Tingnan din ang* Konstitusyon ng California, art. XXI, § 2(d) (nakaranggong mga pamantayan para sa mga distritong para sa Senado, Asembleya, Kongreso, at State Board of Equalization o Lupon ng mga Tagasingil ng Buwis sa Estado); Oakland, Cal., Tsarter ng Lungsod, Art. II, § 220(D); Long Beach, Cal., Tsarter ng Lungsod, Art. XXV, § 2506.

14. **Itakda ang pagpapanatili, pag-uulat, at pagsisiwalat ng lahat ng rekord ng gobyerno na may kaugnayan sa muling pagdidistrito, kasama na ang personal na mga pakikipagkomunikasyon ng indibidwal na miyembro ng pangkat para sa muling pagdidistrito.** Nagbubunsod ang pagiging bukas sa pagsisiyasat at pananagutan ng tiwala ng publiko sa gobyerno, at mahalagang bahagi ng gayong pagiging bukas sa pagsisiyasat at pananagutan ang pagpapanatili, pag-uulat at pagsisiwalat ng mga rekord ng gobyerno. Kailangang palakasin pa ang mga patakaran upang matiyak na napananatili ang lahat ng personal na pakikipagkomunikasyon na may kaugnayan sa muling pagdidistrito. Kailangang nakapaskil para sa publiko ang anumang testimonya ng community of interest o opinyon ukol sa mapa na ibinahagi sa indibidwal na mga miyembro, at dapat ding ibahagi ito sa iba pang miyembro. Hindi dapat gamitin ng mga miyembro para sa gawain ng pangkat na ito para sa muling pagdidistrito ang anumang kasangkapan na hindi nakapagpapanatili ng mga rekord sa pakikipagkomunikasyon, o kung saan dinisenyo ang pagpapalaho ng gayong mga rekord.

Salamat po sa inyong atensiyon sa usaping ito, sa pagdinig ninyo sa aming mga inaalala at sa oportunidad na makapagbgay ng mga rekomendasyon, at sa gayon ay mapanatili ang integridad ng ating demokrasya at matiyak na aktibong makalalahok ang mga taga-San Francisco. Gusto rin namin na muling pasalamatan ang mga miyembro ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito para sa kanilang serbisyo.

Maaari kaming maugnayan ng mga miyembro ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito na ito at ng mga pangkat para sa muling pagdidistrito sa hinaharap, mga opisyal at opisina ng lungsod, at iba pa na gustong talakayin ang aming mga rekomendasyon.

Sumasainyo,

Julia Marks
Tagapamahala ng mga Programa para sa Karapatan sa Pagboto at Abugado sa Asian Americans Advancing Justice – Asian Law Caucus
juliam@advancingjustice-alc.org

Alesandra Lozano
Tagapamahala ng Programa, Mga Karapatan sa Pagboto at Muling Pagdidistrito
California Common Cause
alozano@commoncause.org

Alison Goh
Presidente
League of Women Voters of San Francisco
president@lwvsf.org

CC (May kopya): Mayor London Breed
Mga Miyembro, Board of Supervisors
Angela Calvillo, Klerk, Board of Supervisors
John Arntz, Direktor, Department of Elections
David Chiu, Abugado ng Lungsod
Mga Miyembro, Elections Commission
LeeAnn Pelham, Ehekutibong Direktor, Ethics Commission (Komisyon para sa mga Pamantayan sa Paggampan ng Gawain)
Office of Civic Engagement & Immigrant Affairs
Mga Miyembro, Task Force para sa Sunshine Ordinance

| | |
|---|---|
| **Mula sa:** | Dai, Cynthia (REG) |
| **Para sa:** | REG - Task Force para sa Muling Pagdidistrito |
| **Paksa:** | Ang inyong ulat at imbitasyon para magkomento |
| **Petsa:** | Huwebes, Biyernes, Huwebes, Mayo 19, 2022 5:20:55 PM |
| **Mga Kalakip:** | SF Redistricting Discussion Document.pdf |

Kumusta, mga Miyembro ng RTF--
Salamat sa pagbuo ng pinal na ulat (na sa aking palagay ay itinatakdang gawin ninyo). Ang pangunahing komento ko ay ang kakulangan ng paglilinaw kung paano ninyo pinanatiling magkakasama ang inyong mapa o pinaghiwalay ang communities of interest (tinututukang mga komunidad), kung saan nakatanggap kayo ng pampublikong testimonya. Binabanggit ng Seksiyon 7 ang tungkol sa "heyograpikong mga usapin," na isinaalang-alang, pero hindi inilalarawan ng ulat ang mga isinaalang-alang na communities of interest, at kung pinanatiling buo, o hinati, at kung bakit, at kung may katulad ng mga ito na iginrupo nang magkakasama para sa mga layunin ng epektibong representasyon. Kapag pinag-isipan ang dami ng oras na ginugol ng RTF sa pakikinig sa pampublikong testimonya, makatutulong sa publiko na maintindihan kung bakit isinaalaang-alang ninyo, pero sa huli, ay pinili pa ring iwaksi, ang ilang mungkahi ng komunidad (tulad ng "community unity map o mapa batay sa pagkakaisa ng mga komunidad") na may kaibhan pero umaayon pa rin sa mga itinatakda ng Tsarter, pati na rin sa mga pamantayan sa muling pagdidistrito na nakabalangkas sa ulat na ito.

Gusto ko ring ibahagi ang dokumentong para sa pagdidiskusyon na iniharap ko kagabi sa Elections Commission (Komisyon ng mga Eleksyon) at nang masimulan ang pagsasaalang-alang sa mga rekomendasyon upang mapahusay at muling madisenyo ang preseso sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco. Ilan sa mga lamat na tinutukoy ko ay nakasaad rin sa inyong ulat. Nagkasundo tayong magpasimula ng serye ng mga presentasyon mula sa mga eksperto upang magbigay ng impormasyon sa ating talakayan ukol sa pagbuo ng espesipikong mga mungkahi para sa pag-amyenda ng Tsarter, batay sa pinakamahuhusay na gawain mula sa iba pang independiyente na pangkat para sa muling pagdidistrito ng estado, ng county at ng lungsod. Ikalulugod naming tanggapin ang anumang repleksiyon mula sa inyong karanasan kamakailan na nauukol sa kung ano posibleng maging pinakamabuti para sa ating Lungsod.
--}cyn

Cynthia Dai
*Komisyoner para sa mga Eleksiyon ng San Francisco*

# Muling Pagdidistristo sa San Francisco vs. (kung ihahambing sa) Mga Reporma para sa Pinakamahuhusay na Gawain sa Muling Pagdidistrito

Inihanda ni Komisyoner Cynthia Dai ang dokumentong ito upang makapagsimula ng diskusyon, pero posibleng hindi ito komprehensibo. Batay sa kanyang 10+ karanasan bilang Komisyoner ng Mamamayan para sa Muling Pagdidistrito sa California nang unang itatag ito noong 2010, at bilang tagapagsalita ukol sa edukasyon at tagapagsanay sa mga repormista sa 11 estado at 11 lungsod at county na may komisyon ng mga mamamayan.

Layunin ng pagrereporma sa muling pagdidistrito ang pagtatanggal sa gerrymandering (pagmamanipula sa mga hangganan para mapaboran ang isang partido, pangkat, o uri) at upang matiyak ang makatarungan at bukas sa pagsisiyasat na proseso na nagpapatibay sa demokrasya. Kilala rin na nakapagpapahusay sa mga demokratikong kinahihinatnan ang mga reporma sa eleksyon tulad ng Francisco's Instant Runoff Voting o Pagboto nang May Agad-agad na Kapalit (na isang uri ng naka-ranggong pagpili sa pagboto) at mga distritong may dalawa o higit pang miyembro. Nasa nangungunang hanay ang San Francisco nang itatag nito ang RedistrictingTask Force (Task Force para sa Muling Pagdidistrito, RTF) sa panahon ding nabuo ang Independent Redistricting Commission (Independiyenteng Komisyon para sa Muling Pagdidistrito), pero magmula noon ay nalampasan na ito ng mga pagpapahusay sa proseso ng California, ng iba pang estado, at ng mga munisipalidad. Dahil sa kaguluhan nitong kamakailan lamang na siklo ng muling pagdidistrito, napapanahon nang pag-isipan kung paano maisasama ang ilan sa pinakamabubuting disenyong ito sa gawain, at nang mapaghusay pa ang RTF ng San Francisco, sa pamamagitan ng pag-amyenda sa tsarter bago ang susunod na siklo.

| Elemento | SF | Pinakamabubuting Gawain | Mahusay na Halimbawa | Mga Komento |
|---|---|---|---|---|
| ***Uri*** | Independiyenteng komisyon ng mga mamamayan | Independiyenteng komisyon ng mga mamamayan | Ang AZ IRC, CA CRC, MI ICRC ay pawang mga pangkat ng mga mamamayan na may awtoridad sa paggawa ng pinal na desisyon at may kontrol sa sarili nilang kawani at badyet. Itinakda sa Lehislatura ng CA na sapat na pondohan ang CRC. Mga lokal na halimbawa ang mga lungsod ng Berkeley at Long Beach at ang mga county ng San Diego at LA. | Bagamat pinagpapasyahan ng RTF ang pinal na mapa nang walang nangangasiwa rito, wala itong independiyenteng mga rekurso o kontrol sa mga kawani o badyet. Bukod rito, hindi tiyak ang pagtanggap ng karagdagang badyet ng iba pang departamento na inasahan ng RTF. Naging problematiko ito, halimbawa, sa pagtitiyak ng sapat na paggamit ng sariling wika at sa pag-iiskedyul ng mga pulong. |
| ***Pag-abot sa mas nakararami at hanay ng mga kinatawang kandidato*** | Limitado sa karaniwang channel o pinagdaraanan sa Lungsod. Walang itinatakda para sa diverse o may pagkakaiba-iba na pinagkukunan ng mga kandidato. | Masaklaw at malawak na pag-abot sa mas nakakarami sa mga komunidad na may pagkakaiba-iba, at nang matiyak ang hanay na may mga pagkakaiba-iba | CRC, ICRC: masaklaw na pag-abot sa mas nakararami, kasama na ang etnikong media, at mga CBO na magbubunga ng malaking hanay. Kailangan ng hanay ng mga finalist, o huling mapagpipilian para magkaroon ng representasyon. | Mayroon lamang 35 aplikante sa SFEC Mayroon lamang 8 aplikante sa BOS. Hindi alam ang bilang ng kandidato na isinaalang-alang ng Mayor. May ilang nag-apply sa dalawa o higit pang tagapagtalagang awtoridad. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ***Mababawasan ng mga pamantayan sa pagpili at proseso ang politikal na impluwensiya*** | Itinalaga ng Mayor, ng BOS at ng SFEC sa pamamagitan ng iba't ibang proseso nang walang karaniwang pamantayan ukol sa mga kuwalipikasyon o pagbabawal sa salungat na interes | Kinilatis para sa salungat na interes at bukas sa pagsisiyasat na itinalaga ng walang kinikilingan at independiyenteng pangkat at/o ala-suwerteng napili sa karaniwang proseso | Kinilatis ang mga finalist sa CA CRC ng CA State Auditor (Tagasuri ng Estado) sa pampublikong proseso, kung saan 8 ang ala-suwerteng pinili, na pumili sa 6. Pinili ang mga miyembro ng MI CRC nang ala-suwerte at hayag sa publiko matapos ang batayang mga kuwalipikasyon. May katulad na mga proseso sa Berkeley, Los Angeles County. | Nagtatalaga ang BOS ng 3 miyembro kahit na may pansariling interes. Hindi publiko ang proseso ng pagtatalaga ng Mayor, at maaari ding ituring ang Mayor na partidong may interes. Hindi pare-pareho ang panahon ng pagsisiwalat ng pinansiyal na kalagayan at ang mga pamantayan para sa mga kuwalipikasyon, sa pagitan ng mga tagapagtalagang awtoridad. |
| ***Mga bumubuo at diversity o pagkakaiba-iba*** | 9 miyembro: 3 pinili ng bawat tagapagtalagang awtoridad. Walang itinatakdang pagkakaiba-iba o diversity o representasyon | Balanseng komposisyon at sapat ang laki upang mapahintulutan ang pagkakaiba-iba sa representasyon. Mga itinatakda para sa pagkakaiba-iba sa representasyon. | 14 miyembro ng CA CRC: dalawa o higit pa ang partido, kung saan itinatakda ang pagkatawan sa CA batay sa kasarian, lahi/etnisidad, katayuang sosyo-ekonomiko, at heograpiya o lugar. Madalas na itinatakda ng lokal na mga komisyon ang representasyon mula sa bawat distrito, pati na rin ang pagkakaiba-iba batay sa lahi/iba pang larangan. | Sapat ang laki (9 miyembro para sa 11 distrito). Bagamat walang itinatakda para sa pagkakaiba-iba sa representasyon, mayroong mga pagkakaiba-iba sa nakaraang mga RTF. Gayon pa man, posibleng malimitahan ang paglahok nang mas kaunti ang pinansiyal na kakayahan nang dahil sa kakulangan ng bayad. |
| ***Pagsasanay at paghahanda*** | Sumulat ang Abugado ng Lungsod ng ilang legal na memorandum sa RTF. Nag-alok kapwa ang Abugado ng Lungsod at ang konsultant sa pagmamapa ng pagsasanay sa RTF. | Malawak na pagsasanay sa batas at praktikal na pagsasanay, kung saan itinatakda ang karamihan nito | Pawang nagkaloob ang AZ IRC, CA CRC, MI ICRC ng malawak na pagsasanay para sa kanilang mga Komisyoner, kasama na ang dating mga Komisyoner. Nakatanggap din ng pagsasanay ang karamihan sa mga lokal na komisyoner. | Dalawa o higit pang komento ng publiko ukol sa kakulangan sa pagsasanay. Posibleng malantad ang Lungsod sa mga paghahabla sa hukuman nang dahil sa walang pagsasanay na miyembrong mamamayan. magbunga ito ng hindi pantay na partisipasyon, at masira ang pananalig sa mga eleksyon dahil sa prosesong hindi maganda ang pagpapatakbo. Nabadyet ba ang pagsasanay? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ***Mga pamantayan sa muling pagdidistrito*** | Pagkakapantay-pantay sa populasyon na nasa loob ng 5% VRA (ipinagpapalagay), communities of interest o tinututukang komunidad (hindi nabigyang-depinisyon)--walang pagraranggo | Nakaranggo na karaniwang mga prinsipyo sa muling pagdidistrito (pederal, pang-estado, lokal na batas) | CA CRC: nakabatay ang pagkakapantay-pantay sa populasyon sa case law o mga desisyon sa nauna nang kaso, pagiging magkakatabi ng mga bahagi, communities of interest [politikal na heyograpiya], pagiging siksik, pagbabawal sa mga politikal na konsiderasyon. Inangat ng MI ICRC ang communities of interest. | Mas may restriksiyon ang itinatakdang 5% pagkakapantay-pantay sa populasyon kaysa sa Equal Protection Clause (Pag-amyenda sa Konstitusyon para sa Pantay na Pagbibigay-proteksiyon) at maaaring humantong sa sapilitang pagkakahati. Iniulat ng publiko at maging ng mga miyembro ng RTF na hindi malinaw sa kanila kung bakit nababaligtad/ nagbabago ang mga linya sa proseso at kung ano ang nabibigyan ng prayoridad. |
| ***Pagiging Bukas sa Pagsisiyasat*** | Nasasakop ang mga pampublikong pulong ng Sunshine ordinance (Ordinansang Nagtitiyak na Bukas ang mga Pampublikong Rekord at Miting) at ng Brown Act (nagtatakda na gawing pampubliko ang pulong ng mga pampublikong ahensiya), pero walang pagbabawal sa pagtalalay sa mga usapin ukol sa muling pagdidistrito sa labas ng pampublikong pulong | May pagkiling sa pagiging bukas sa pagsisiyasat. Pagbabawal sa ex-parte communication o pakikipag-usap nang wala ang kabilang partido. Pinahabang panahon ng pag-aabiso sa publiko ukol sa mga mapa. Itinatakdang nakasulat na mga dahilan ukol sa mga mapa. | Nilampasan ng mga restriksiyon ng CA CRC ang Bagley-Keene (ang Brown Act sa antas ng estado), na nagtatakda ng 14-araw na pag-aabiso at nakalathalang ulat nang may dahilan para sa bawat distrito. Ipinagbabawal din ng Berkeley IRC sa mga miyembro nito ang pagtalakay sa mga usapin ukol sa muling pagdidistrito sa labas ng pampublikong pulong. | Binaligtad ng RTF na ito ang 8:1 boto sa map nang 2:53 am. Naibintang nang nagkaroon ang mga miyembro ng pribadong mga pulong sa mga grupo at sa halal na mga opisyal  Iniulat ng media ang tungkol sa “bukas na mga proseso” at pribadong mga text. |
| ***Mga Draft o Burador na Mapa at iskedyul ng mga gawain.*** | Walang itinakda. Ang pinal na huling araw lamang ng pagsusumite ang itinakda. | Kailangan ang draft na mapa ilang buwan bago ang pinal na mapa. | CA CRC: Mga huling araw na Hunyo 15 para sa Draft na Mapa at Agosto 15 para sa Pinal na Mapa.Final Map. Itinatakda ng ilang lokal na batas ang minimum na bilang ng pampublikong pagdinig bago ang pagmamapa. | Hindi nagsimula ang RTF na ito sa pagguhit ng mga linya hanggang sa umabot na ang isang buwan bago ang huling araw at hindi ito naglathala ng opisyal na draft na mapa, nang may sapat na panahon ang publikong upang pag-isipan ito at magmungkahi ng malikhaing mga alternatibo. Magsaalang-alang ng huling araw ng pagsusumite na nakakabit sa pagkakaroon ng datos mula sa Pagsesenso. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ***Pagboto upang maaprubahan ang mga mapa*** | Simpleng mayorya | (Espesyal) na supermajority o espesipikong mayorya ng boto na kailangan | CA CRC: hindi bababa sa 9 kung saan 3 sa 5 ang D, 3 sa 5 ang R, 3 sa 4 ang I. Kailangan sa Long Beach ng 2/3 mayorya para sa pagpili ng pinal na 4, pati na rin ang mga kahalili. | Halos umabot lamang ang RTF sa mayoryang pagboto, kung kaya't naba-wasan ang kumpiyansa sa resulta. Naghihikayat ang pagtatakda na super-majority sa pakikipagkolaborasyon at malikhaing paglutas sa problema at maaaring magtiyak ito ng karapatan ng mga minoridad. |
| ***Rekurso kung walang pagkakasundo sa pinal na mapa*** | Hindi malinaw | Mga hukom ang magdedesisyon | CA CRC: Magtatalaga ang Korte Suprema ng CA ng espesyal na masters | Inilantad ng RTF ang Lungsod sa paghahabla sa hukuman dahil sa kabiguan nitong umabot sa huling araw ng pagsusumite. Maaaring magdulot ng motibasyon ang mahusay ang pagkakadisenyo na back-up o kahaliling plano kung hindi man may pagkiling sa tagumpay ng pangkat. |
| ***Pagpapalit / pagtatanggal sa mga miyembro*** | Naglilingkod ang mga miyembro ng RTF sa kagustuhan ng tagapagtalagang awtoridad | Matatanggal lamang nang dahil sa hindi pagtupad sa tungkulin o lubusang maling pag-asal. Kailangang mapalitan ng nakilatis na at kuwalipikadong kahalili. | CA CRC: Matatanggal lamang ang Komisyoner ng Gobernador nang may pagpayag ng 2/3 ng Senado. Kailangang mapalitan ng finalist o hanay ng huling mapagpipilian na mga kandidato. | Pumunta ang publiko sa SFEC para matanggal ang mga itinalaga nito. Hindi malinaw kung paano namin napalitan sana ang sinumang miyembro na pinili naming tanggalin. |